Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY JASAAN NOONG IKA- 20 NG SETYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-11:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ............................ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | .................. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............................ | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 307-T'2000

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NG HALAGANG ISANG MILYON TATLONG DAANG LIBONG PISO (P1,300,000.00) UPANG MAGSILBING KARAGDAGANG GUGULIN SA PAGTATAYO NG GUSALI PARA SA MGA "KATANDAAN" (SENIOR CITIZENS) NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, may lugar sa Barangay Callios na itinalaga ng pamahalaang bayan upang magsilbing sentro ng mga katandaan o Senior Citizens;

*SAPAGKA'T*, ang kapakanan ng mga katandaan ang binibigyang pagpapahalaga ng pamahalaang bayan;

*SAPAGKA'T*, may itatayong gusali sa nabanggit na lugar para sa mga Senior Citizens;

*SAPAGKA'T*, kulang ang pondo kaya't nangangailangan ng karagdagang gugulin ang pamahalaang bayan upang magamit sa pagpapatayo ng gusali para sa mga Senior Citizens sa bayang ito.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na humiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. ng halagang P1,300,000.00 upang magsilbing karagdagang gugulin sa pagtatayo ng gusali para sa mga "Katandaan" (Senior Citizens) ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HS Ciriaco HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SBP 10/30/2000